1056

Department of Environment & Natural Resources
Records Management Division
RECEIVED
JUN 27 2023
Received by: Time:

REPUBLIKA NG PILIPINAS
LALAWIGAN NG SILANGANG MINDORO
BAYAN NG ROXAS

DENR MIMAROPA
RECORDS SECTION
RECEIVED
JUN 09 2023
☐ INCOMING ☐ OUTGOING
BY: DATS NO.
TIME:

Hunyo 06, 2023

## MOSYON SA MULING PAGSASAALANGALANG

Ako si **ELVIN O. PONGYAN** may sapat na gulang may asawa at naninirahan sa Cantil, Roxas Oriental Mindoro.

Ako rin ang may ari ng isang truck na Isuzu Ten Wheeler na may Plate number RHJ 827 na kung saan ay nahuli sa Barangay San Antonio Calapan City.

Na ito ay naganap noong Pebrero 21, 2017 ika 5 ng umaga. Hinuli ito ng magkasamang opisyales ng CENRO Socorro at Calapan City Police.

Na ang aking truck di umano ay kinargahan ng illegal na kahoy tulad ng lawaan, loktub, binuang, palkata at iba pa.

Noong magkaroon ng hearing sa CENRO Pasi ay sinabi ko na wala ako noong magkarga at ang nagpakarga ay si G. Tisado.

Dahil hindi lang naman noon kargahan ang aking truck ng mga itinanim na kahoy (Planted Trees) ay ang una kong ibinibilin sa aking pahenante at driver ay kailangang Makita muna ang permiso sa pag beyahe (Certificate of Verification, Certificate to Transport Scale Sheet) at kailangan pirmado. Bukod pa doon ay kailangang hindi pa expired ang permiso.

Nitong Mayo 29, 2023 ay nakatanggap ako ng isang DECISION at nakalagay doon na kinukumpiska ang aking Truck na may Plate number RHJ 827 na kung hindi ko ito maibabalik ay ang piyansa ko na halagang tatlong daang libong (300, 000.00) piso ang magiging kapalit.

Kagalang galang na Regional Director **LORMELYN E. CLAUDIO** ayon po sa ating batas ng Planted trees DAO 79 na kung ang may ari ng tanim na kahoy na iluluwas at ang may ari ng truck ay iisa ay hindi na kailangan ang Certificate to Transport sa pagbebyeyahe.

Ibig sabihin Kung hindi iisa o magkaiba ang may ari ng tanim na kahoy (Planted trees) at may ari ng truck ay doon lamang kailangan ng Certificate to Transport Agreement. Ang Certificate to Transport Agreement ay sa pagitan ng may ari ng truck o representative nito at ang may ari ng kahoy na pinanumpaan sa harap ng Hepe ng CENRO.

Samakatuwid sa pagkakaalam ng tulad ko na may ari ng truck o ng aking representative ay ang ikakarga namin ay mga legal na kahoy at pinayagan ng DENR. Ito ay dahil nakasaad na dito ang aming mga ikakarga at ito ay na inspection na at na verify dahil may Certificate of Verification na, kaakibat na din ang Scale sheet. Dahil dito ay wala akong alam o maging ang aking representative Kung paano makakargahan ito ng illegal.

Bukod pa dito ay WALA AKONG ALAM sa mga uri ng kahoy. Na kung sakaling pakikitaan ako ng tablon o tabla ay hindi ko masasabi o maiipaliwanag kung anong kahoy ito.

Ang tulad ko po sa pangyayaring ito ay BULAG dahil nahatulan ako na hindi ako nakakakita. Kung po ang pagiging BULAG ay isang krimen ay sa aking pananaw ganun po ninyo ako nahatulan.

Na nagkaroon na po ito ng Decision sa Regional Trial Court noong ika 14 ng Agosto 2017 at eto po ay nilagdaan ni judge **HON. EDRALIN C. REYES** dahil po napatunayan nila na ang aking representative at ako ay walang kaalaman sa pagkakahoy. (Kalakip po ang Sipi) Napatunayan din po nila na ang gumawa ng certificate of transport agreement ay ang CENRO Socorro, Oriental Mindoro na kung saan ay nakasulat na ang mga uri ng kahoy na binigyan nila ng permiso na ebyahe o ekarga sa aking truck bago ko lagdaan eto o ng aking representative at kung alam ko na iba ang ipakakarga nila ay hindi ko eto ikakarga sa aking truck dahil hindi eto ang aming napagkasunduan ayon sa agreement at dahil narin ayokong lumabag sa batas.

Dumadalangin po ako at nakikiusap na mabaliktad o mabago ang Desisyon laban sa akin na ginawa noong Pebrero 17, 2023. Dahil una: Gawa na ang permiso ng ikakarga namin at nakipagsundo lamang sa may ari ng tanim na kahoy (Planted tress) na magkarga at nakalagay na dito ang tama naming ikakarga. Pangalawa: Wala akong alam maging ang aking representative ukol sa mga uri o species ng kahoy. (hindi pulis o Engeener o Abogado ang maaring magpatunay sa Medical Certificate) tanging Doktor lamang ang paniniwalaan ng husgado). Pangatlo: Hindi rin po ako ang nagtistis (cutting) nito upang malaman kung anong puno. Hindi ako ang naghakot (gathering) upang malaman kung anong uri ng kahoy ito. Wala din ako sa pagkakarga at kahit siguro nandoon ako ay hindi ko pa rin ito pipigilan dahil hindi ko naman alam ang mga uri ng kahoy na ito. Dahil nagtiwala ako sa permisong ibinigay din mula sa CENRO.

**ELVIN O. PONGYAN**
(Nag Mosyon)

NILAGDAAN at SINUMPAAN sa harap ko ngayong ika 06 ng Hunyo 2023 dito sa bayan ng Roxas Oriental Mindoro.

Atty. ARNEL T. CALDERON
Notary Public; Until December 31, 2024
PTR No. 3024303A; 01-03-23
IBP OR No. 181035; 12-27-22
Roll No. 58510/MCLE COC No. VII-0018870/04-14-25
Roxas, Oriental Mindoro

Doc. No. 174
Book no. 35
Page No. 109
Series of 2023

Binigyan ng Sipi

DENR HEAD OFFICE
OFFICE OF THE UMBUDSMAN

Republic of the Philippines
**REGIONAL TRIAL COURT**
FOURTH JUDICIAL REGION
ORIENTAL MINDORO
**BRANCH XXXIX (39)**
City of Calapan
-oOo-

THE PEOPLE OF
THE PHILIPPINES,
Plaintiff,

-versus-

JUNJUN FORCA y TALAMISAN,
JOEL TALAMISAN y MORTEL &
RUFINO TISADO y IDJAO,
Accused.

CRIM. CASE NO. CR-17-13,482

-for-

VIOLATION OF P.D. NO. 705

x------------------------------------------------------------------------------------x

# ORDER

When this case was called for hearing, the Chief of Provincial Environment and Natural Resources Office (PENRO), Suqui, Calapan City, Oriental Mindoro appeared before this Court bringing with her the Isuzu truck with Plate No. RHJ-827 subject matter of the instant case.

Considering the presentation of the pertinent papers relative to the above-described motor vehicle by Mr. Elvin Ortega Pongyan, its registered owner, to the satisfaction of this Court, the PENRO Chief or any of her authorized representative is hereby ordered to cause the release of Isuzu truck with Plate with Plate No. RHJ-827 and its accessories to Mr. Pongyan.

**SO ORDERED IN OPEN COURT.**
City of Calapan.
14 August 2017.

**HON. EDRALIN C. REYES**
Acting Presiding Judge

ECR/CBL/HUNH

Republic of the Philippines
PHILIPPINE POSTAL CORPORATION
Roxas Oriental Mindoro
5212

PHLPOST You Send. We Deliver.

# CERTIFICATION

**TO WHOM IT MAY CONCERN,**

This is to certify that according to the record of this office, registered letter No. **RE743881743ZZ** sent by **DENR MIMAROPA REGION, Roxas Blvd, Ermita, Manila** received at Roxas Post Office on May 3,2023 addressed to **Mr. Elvin O. Pongyan** of Brgy. Cantil, Roxas, Oriental Mindoro was received and delivered on May 29, 2023 by the addressee.

This certification is being issued this 6th day of June 2023 upon the request of **interested party** for whatever legal purpose it may served.

ROXAS POST OFFICE OR. MDO. JUN 6 23 5212

AVA MAY CATAPANG
POSTMASTER